# paano nabubuo ang SMOG



## UMAGA

Ang exhaust ng mga sasakyan mula sa mga nagko-commute sa umaga ang pangunahing pinagmumulan ng mga pollutant na nagdudulot ng ozone.

## TANGHALI

Habang naiipon ang exhaust ng mga sasakyan, gumagawa ang radiation ng araw ng kemikal na reaksyon, na nagsisimulang bumuo ng ozone.

## HAPON

Habang tumataas ang temperatura, at tumitindi ang init at sikat ng araw, naaabot ng ozone ang pinakamataas nitong concentration sa araw na iyon.

## GABI

Habang nababawasan ang tindi ng sikat ng araw, nababawasan at nawawala rin ang ozone.

## *Ang mga sasakyan at truck ay isa sa pangunahing pinagmumulan ng polusyon sa hangin tuwing tag-init*

*Sa mga buwan ng tag-init, ang polusyon o smog sa ozone ay puwedeng maging mapanganib sa kalusugan sa Bay Area. Naglalabas ng Mga Alertong Iligtas ang Hangin (Spare the Air) sa tuwing makakasama sa kalusugan ang tinatayang kalidad ng hangin. Mababawasan ng mga residente ang naiipong polusyon sa hangin sa pamamagitan ng pagpili ng mga opsyon sa pagko-commute araw-araw na hindi nakakasama sa kapaligiran.*

*Araw-araw naiipon ang polusyon sa hangin na mula sa mga sasakyan at truck sa mga kalsada ng Bay Area. Kapag mainit, nagre-react ang polusyong iyon sa sikat ng araw at bumubuo ito ng ozone, na tinatawag ding smog.*

spare the air

# Ito ang hangin mo. Protektahan ito.

*Makipag-ugnayan sa amin:* *sparetheair.org*